TAWHID: ANG KAISAHAN NG DIYOS

Ang pinakapundasyon ng paniniwala sa Islam ay ang paniniwala sa kaisahan ng diyos - tawheed -. Ito lamang ang pinakasimple at pinakamalalim mula doon. Ang paniniwala sa tawheed ang pinakadiwa kung ano ang ibig sabihin ng pagiging muslim at maliban sa pagtanggap sa kaisahan ng diyos ay may higit pa. Habang dumarami ang mga tanong at diskusyon patungkol sa mga espesipikong gawain sa relihiyon, ang tawheed ay malinaw na maipapaliwanag sa isa sa mga pinakamaiikling kabanata sa Qur'an: (Sabihin mo: "Siya ang Allah, [ang] Nag-iisa. Ang Allah. Ang walang-hanggan, ang ganap. Hindi Siya nagkaanak ni hindi Siya ipinanganak. At walang sinuman/anuman Siyang katulad.") (112:1-4)

Ang Tawheed ang pangunahing palatandaan para makilala ang isang komunidad ng mga mananampalataya. Ang ibang palatandaan maliban dito ay pangalawa na lamang. Sino man ang sumaksi sa tawheed (kaisahan ng diyos) at nakagawa ng kasalanan ay muslim pa rin. Sino man ang iginugol nya ang kanyang araw sa pagaayuno at kanyang gabi sa pagdarasal pero gumagawa ng pagtatambal o nagdududa na may panginoon ay hindi muslim. Madalas na nasasabihan ang isang muslim na iwan ang mga muslim na gumagawa ng mga krimeng hindi makatao. Pero hindi mangyayari ang kahilingang ito dahil halos imposible na palabasin(ng islam) ang isang sumasaksi sa tawheed. Kahit gaano pa kasuklam-suklam ang isang tao, ang kanyang naghihintay na parusa ay ibang usapin.